## ABSTRAK

Ang patimpalak ng pagandahan bagamat minsan ay may kabuntot na kritisismo ay totoong nagiging pamamaraan din upang makilala ang mga nakatagong ganda't talento ng mga Pilipina. (Tolentino,2018) Nilayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang representasyon ng BeauCon sa lipunang Pilipino at masuri ang mga sagot ng mga nagwaging Pilipina sa iba't ibang pandaigdigang patimpalak ng pagandahan gamit ang teorya ng Speech Acts ni John Searle.

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng kwalitatibo at deskriptibong metodolohiya ng pananaliksik. Ang talatanungan ay ang nagsilbing gabay ng mananaliksik para sa 'open-ended' na panayam. Naging kalahok ng pag-aaral ang mga; (1) kandidata, (2) tagapagsanay, at (3) tagapangasiwa ng patimpalak. Sa pamamagitan ng ratio of frequency ay natukoy ang bilang ng speech acts sa mga waging kasagutan ng kandidata ng Pilipinas sa pandaigdigang patimpalak ng pagandahan. Natukoy ang kalahok ng pag-aaral sa pamamagitan ng purposive sampling na teknik.

Batay sa naging resulta ng pag-aaral ay nabatid na: (1) Liberal na ang pamantayan ng kagandahan, hitsurang pinay, mestisa, causcassian, o kaya naman ay oriental ay maaaring lumahok basta taglay ang tinatawag na 'global look'. Sa kabilang dako ay mayroon pa ring kritisismo pagdating sa pamantayan ng kaseksihan; (2) Sumasailalim sa iba't ibang pagsasanay ang mga nagnanais na maging beauty queens sa tulong ng beauty pageant camps; ang ilan sa mga pagsasanay ay personal development, question and answer, pasarela, styling, fitness, at make-up; (3) Gamit ang speech acts ni John Searle ay napatunayang walang pormula ang mga kasagutan ng mga Pilipinang nagwagi sa pandaigdigang patimpalak. Ang mahalaga ay dapat ang kasagutan ay lumalagos, tumatawid at mula sa kaibuturan ng puso; at (4) instrumento ang patimpalak ng pagandahan upang maipamalas ang representasyon ng pagka-Pilipino sa larangang ito sa iba't ibang kaparaanan at aspekto.

Sa kabuuan, napatunayan sa pag-aaral na ito na ang pagwasak sa nakakahong mentalidad ng sangkapilipinuhan hinggil sa mga patimpalak ng pagandahan; bastos, nakasusuklam, pagpapakita ng katawan, at iba pa. Nabatid na ito ay hindi lamang nagtataglay ng glamorosong aspekto ngunit ito ay isang malaking plataporma upang maipakilala at maipamalas ng mga kandidatang Pilipina ang kasaysayan, wika, at kultura ng bansa sa tulong ng iba't ibang patimpalak ng pagandahan – pambansa man o pandaigdigan.

**Mga Susing Salita:** *BeauCon, Beauty Pageant Camps, Gobal Look, Trainings, Beauty Queens, Mentalidad, Kultura*